**KAUTUSANG PAMBAYAN BLG. 15-07**

**Mga May-akda : Kag. Jowie S. Carampot**
**Pangulo, Lupon ng Matatanda**
**Kag. Mario C. Amante**
**Pangalawang Pangulo, Lupon ng Matatanda**
**Kag. Christopher N. Custodio**
**Pangulo, Lupon ng Apropriyasyon**

**Mga Isponsor : Kag. Florencio D. Ayos**
**Kag. Walter C. Martinez**
**Kag. Richard R. Parin**
**Kag. Kerby J. Salazar**
**Kag. Jonas Glyn P. Labuguen**
**Kag. Gary A. Grepo**

**NAGBIBIGAY PARANGAL SA SINOMANG NABUBUHAY NA MAMAMAYAN NG GENERAL TRIAS NA MAGDIRIWANG O NAKAPAGDIWANG NA NG IKA-100 TAONG KAARAWAN AT PAGLALAAN NG HALAGANG LIMAMPUNG LIBONG PISO (PHP 50 000.00) NA PABUYA PARA DITO AYON SA MGA REKWISITONG KAAKIBAT NITO.**

**SAPAGKAT, itinatakda sa Saligang Batas ng Pilipinas ang pagpapahalaga sa mga matatanda;**

**SAPAGKAT, pinahahalagahan din ng Pamahalaang Bayan ng General Trias ang mga mamamayang makakaabot sa ika-100 taong kaarawan dahil ang mga ito ay nagsisilbing modelo sa pagkakaroon ng malusog at mahabang buhay;**

**SAPAGKAT, ang mga katangiang taglay ng mamamayang nakaabot ng ika-100 taong kaarawan ay makakatulong upang magkaroon ng kamalayan ang mga tao kung paanong higit na mapapahaba ang buhay;**

**DAHIL DITO, sa mungkahi nina Kag. Jowie S. Carampot, Kag. Mario C. Amante at Kag. Christopher N. Custodio na pinangalawahan nina Kag. Florencio D. Ayos, Kag. Walter C. Martinez, Kag. Richard R. Parin, Kag. Kerby J. Salazar, Kag. Jonas Glyn P. Labuguen at Kag. Gary A. Grepo, na**

**PAGTIBAYIN, AT DAPAT PAGTIBAYIN ang isang Kautusang Pambayan na nagbibigay parangal sa sinomang nabubuhay na mamamayan ng General Trias na magdiriwang o nakapagdiwang na ng ika-100 taong kaarawan at paglalaan ng halagang Limampung Libong Piso (Php 50 000.00) na pabuya para dito ayon sa mga rekwisitong kaakibat nito, na mababasa tulad ng mga sumusunod:**

**SEKSYON BLG. 1 – TITULO. Kautusang Pambayan na Nagbibigay Parangal sa Sinomang Nabubuhay na Mamamayan ng General Trias na Magdiriwang o Nakapagdiwang na ng Ika-100 Taong Kaarawan at Paglalaan ng Halagang Limampung Libong Piso (Php 50 000.00) na Pabuya Para Dito Ayon sa mga Rekwisitong Kaakibat Nito.**

**SEKSYON BLG. 2 – LAYUNIN. Layunin ng Pamahalaang Bayan ng General Trias na kilalanin at bigyang pagpapahalaga ang mga buhay na mamamayan na nakaabot at makakaabot pa ng ika-100 taong kaarawan bilang natatanging mamamayan.**

**MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.**

**Karugtong...pahina 2 ng Kautusang Pambayan Blg. 15-07:**

**SEKSYON BLG. 3 – MGA REKWISITO. Sinomang nabubuhay na mamamayan ng General Trias na magdiriwang o nakapagdiwang na ng ika-100 taong kaarawan at nagtataglay ng Sertipiko ng Pagkakakilanlan mula sa barangay na kanilang tinitirahan na makapagpapatunay na sila ay may limang (5) taon nang naninirahan sa Bayan ng General Trias para sa mga taal na mamamayan, at sampung (10) taon namang paninirahan para sa mga hindi ipinanganak sa Bayan ng General Trias, kasama ang alinman sa mga sumusunod na kwalipikasyon ay bibigyang parangal at gantimpala ng Pamahalaang Bayan ayon sa itinatakda ng kautusang ito:**

a. **Birth Certificate na sertipikado ng Municipal Civil Registrar,**
b. **Birth Certificate ng mga anak,**
c. **Marriage Contract,**
d. **Baptismal Certificate,**
e. **Valid Identification Card, at**
f. **Kung walang Birth Certificate, magpagawa ng late registration na may 2 saksi na magpapatunay ng kapanganakan ng isang centenarian, at kung walang makuhang kasing edad ng magpapa-late registration, maaaring kumuha ng medyo bata nang kaunti na magsisilbing saksi sa centenarian.**

**SEKSYON BLG. 4 – SAKLAW.**

A. **Sinomang buhay na mamamayan na kasalukuyang naninirahan sa General Trias at may gulang na 96-99 taon, taal man o ipinanganak sa ibang bayan na makaaabot ng ika-100 taong kaarawan ay awtomatikong bibigyan din ng parangal at pabuya matapos makapagsumite ng mga kopya na nakatala sa Seksyon Blg. 3 ng Kautusang ito, at**

B. **Sinomang buhay na mamamayan na nakapagdiwang na ng ika-100 taong kaarawan at pinarangalan na ng Pamahalaang Bayan ay awtomatikong bibigyan din ng kaukulang pabuya na nakapaloob sa Seksyon Blg. 6.**

**SEKSYON BLG. 5 – LUPON. Ang Tanggapan ng Punong Bayan ay iminumungkahing bumuo ng lupon (Lupong Pang-sentenaryo) na magrerebisa ng mga rekwisito at magsasagawa ng mga kapamaraanan sa pagpaparangal para dito.**

**Tagapangulo:**
**Pangalawang Tagapangulo:**
**Mga Miyembro:** **Kagawad ng Sanggunian na Pangulo ng Lupon ng Matatanda**
**Kagawad ng Sanggunian na Pangulo ng Lupon ng Apropriyasyon**
**Municipal Civil Registrar**
**Head, Senior Citizen Affairs Office**
**Mun. Social Welfare and Development Office**

**MAY KARUGTONG SA SUSUNOD NA PAHINA.**

**Karugtong...pahina 3 ng Kautusang Pambayan Blg. 15-07:**

**SEKSYON BLG. 6 – PABUYA. Sinomang mamamayan sa Bayan ng General Trias na magdiriwang o nakapagdiwang na ng ika-100 taong kaarawan ayon sa mga rekwisitong nakapaloob sa Seksyon Blg. 3 ng Kautusang Pambayang ito ay bibigyan ng halagang Limampung Libong Piso (Php 50 000.00) bilang pabuya kasama ang plake ng pagkilala o sipi ng kapasiyahan.**

**SEKSYON BLG. 7 – PAGGAGAWAD NG PABUYA. Ang Tanggapan ng Punong Bayan ay iminumungkahing manguna sa paggagawad ng pabuya para sa kautusang ito.**

**SEKSYON BLG. 8 – PAGKAKABISA. Ang Kautusang Pambayang ito ay magkakabisa matapos maipaskil sa mga hayagang lugar.**

**PINAGTIBAY sa HULI/IKATLONG PAGBASA noong IKA-01 NG OKTUBRE 2015.**

| | | |
|---|---|---|
| **KERBY J. SALAZAR**<br>**Kagawad** | **CHRISTOPHER N. CUSTODIO**<br>**Kagawad** | **WALTER C. MARTINEZ**<br>**Kagawad** |
| **RICHARD R. PARIN**<br>**Kagawad** | **MARIO C. AMANTE**<br>**Kagawad** | **JONAS GLYN P. LABUGUEN**<br>**Kagawad** |
| **FLORENCIO D. AYOS**<br>**Kagawad** | **JOWIE S. CARAMPOT**<br>**Kagawad** | **GARY A. GREPO**<br>**Pangulo, LNB** |

**PINATUNAYANG WASTO:**

**WENCESLAO P. CAMINGAY**
**Kalihim**

**PINATOTOHANAN:**

**MAURITO C. SISON**
**Pangalawang Punong Bayan/Tagapangulo**

**PINAGTIBAY:**

**ANTONIO A. FERRER**
**Punong Bayan**

**app/jdj/wpc/jfa**